

Register of the farmers in the province of Biliran

Magno, Jelyn M. ✉

Biliran Province State University-Biliran Campus, Philippines (magnojelyn143@gmail.com)

Received: 5 November 2021
Available Online: 2 January 2022

Revised: 29 November 2021
DOI: 10.5861/ijrse.2022.212

Accepted: 20 December 2021



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Abstract

People in a community using established set of words to communicate with each other has a lexicon. This study focused on determining words used by registered farmers in the Province of Biliran whose native language is Waray-Waray. It is directed towards answering the questions centering on the registered farmers' lexicon, how they give meaning of their native language, and the development of farmer's booklet in Waray-waray and Filipino with alternative expression and meaning. Descriptive method was used in describing the list of native expressions used by registered farmers in farming, anchored on Sociolinguistic Theory which focuses on language distinction and change. Result of the study revealed that there are sixty (60) local languages used by farmers with a corresponding translation in Filipino. These identified languages were given meaning based on how it was used and understood by farmers in their farming undertakings. These Waray-Waray farmers have distinctive languages where meaning of words are exclusive – could only be understood by them. The study concludes that like other profession, Waray-Waray farmers have a vocabulary used in dealing everyday undertakings. It will continue to enrich its value since language upsurges over time. Conducting similar study is encouraged to deepen understanding and collection of native languages to be utilized by students whose interest in farming is still to be won. Utilization of suggested farmer booklet is likewise encouraged in teaching the MTB-MLE in the primary level in the province of Biliran whose native language is Waray-Waray.

Keywords: lexicon, farming, mtb-mle, waray-waray, register

Register of the farmers in the province of Biliran

1. Introduksyon

Sa mundong ating ginagalawan hindi mawawala ang wika sa pakikipag-ugnayan. Ginagamit natin ito sa pang-araw-araw na pamumuhay, mahalaga ito sa pakikipagkomunikasyon sa bawat isa, sapagkat ito ang daan upang maiparating natin ang mga bagay-bagay na nais nating ipahiwatig o ipahayag sa ating kapwa gamit ang wika o lenggwaheng ating nalalaman ayon sa grupong ating kinabibilangan. Ayon kay Atanacio (2009), ang wika ang pangunahing instrumento upang ang mga tao ay makipagtalastasan. Ito ang instrumentong ginagamit niya upang maiparating sa kanyang kapwa ang tunay na niloloob, naiisip, damdamin at mga adhikain. Ito ang kanyang tulay sa pakikipagtalastasan sa kapwa upang makapamuhay nang maayos sa lipunang kanyang kinabibilangan (Macatabon & Calibayan, 2016). Sa lalong ikabubuti ng pakikipagtalastasan, mahalaga ring isaalang-alang ang mga aspektong may tuwirang kinalaman sa gawaing ito tulad ng dimensyong sosyo-kultural, ang kapaligiran o sitwasyon at ang kayarian ng wika, istruktura at balarila. Sa pakikipagtalastasan ang mga salik na sosyo-kultural ng mga nag-uusap ay masusuri tulad ng uri ng pagkatao o personalidad, propesyon o uri ng hanapbuhay, pinagmulan ng tao at edad. Sinabi rin ni Rubi (2014), na nagkakaroon ng salik a pagkakaroon ng varayti ng wika ang uri ng hanapbuhay o gawain at kalagayang sosyal ng mga tao nabubuo ang mga regiter o soyolek batay sa uri ng hanapbuhay at istatus sa lipunan. At dahil sa ito lamang ang natatanging daan sa pakikipag-ugnayan, marapat lamang pahalagahan at bigyan pansin ang importansya ng paggamit ng isang tao sa wika. Ayon kay Thurlow (2004) sa pag-aaral ni Pasion (2014), isang katotohanan sa linggwistika na ang wika ay nagbabago dahil sa sitwasyong heograpikal, sosyal, o maging ng sariling estilo ng ispiker, ang bawat tao ay may ibat'ibang paraan ng pagsasalita. Ang wika ay tonal sapagkat dito ipinapahayag ng isang tao ang pagkakaunawa at pakiki-ugnay sa isang bagay. Dahil sa ang wika ay tonal mahalaga ito sapagkat ito rin ang nagiging daan ng pagkilala ng isang tao sa tono o tunog ng salita na kanyang naririnig sa isang pangkat ng mga tao sa isang partikular na lugar na nagbibigay daan upang maka angkop at makasabay sa sitwasyon.

Sa kabilang banda, sa modernong panahon na ating kinasasangkutan ngayon, marami na rin ang mga salitang patuloy na umuusbong at nalilintang nang dahil na rin sa paglaganap ng teknolohiya. Maraming mag-aaral ang hirap nang unawain ang mga katutubong salita na naging ugat upang lumago pa ang wikang Filipino (Marasigan et al., 2019). Maraming pangkat at grupo ng mga tao meron sa ating bansa na may ka niya-kaniyang wika o lenggwaheng ginagamit sa pakikipag-komunikasyon na kanilang nakagisnan at nakasanayang gamitin na tinatawag nating Register. Batay sa pag-aaral ni De Vera (2010), ang rehistro ay tmutukoy sa gamit ng wika sa isang sa isang tiyak na larangan. Ito ay maituturing na barayti na ang pinakatungkulin ay ay pagkakaiba ng gawainng mga taong gumagamit. ito ay tumutukoy sa kung ano ang ginagawa ng tao.

Register ang tawag sa mga salita o wikang nabubuo ng mga grupong profesyunal o sosyal bunga ng okupasyon o trabaho o kaya'y gawain sa grupo. Kaya may sariling salita ang mga magingisda na iba sa mga magsasaka, manggagamot at mga pulitiko. Dahil dito, ang mananaliksik ay naglalayong malaman ang ginagamit na Register ng mga taong kinabibilangan ng mga magsasaka o mambubukid, na naninirahan sa Probinsya ng Biliran. Ang Biliran ay isa sa pinakamaliit na lalawigan ng Pilipinas at matatagpuan sa rehiyon ng Silangang Visayas. Ito'y isang pulong lalawigan, nasa ilang mga kilometro lamang ang Biliran sa pulo ng Leyte. Ito ay may walong (8) bayan at ang Naval ang kapital nito at minsan naging bahagi ng lalawigan ng Leyte ito hanggang naging hiwalay na lalawigan noong 1992. Marami ang mga magsasaka rito dahil sa ito'y may malawak na palayan kung kaya nahikayat ang mananaliksik na pag-aralan ang register ng wika ng kanilang grupo. Kasi dapat nating ipagmalaki ang ating magsasaka. Sila'y maituturing na larawan ng tiyaga at punyagi nitong ating bansa. Sa paggawa ng lupang tatamnan ng kaniyang ani, kayang tiisin kasabay ang init ng araw, lamig, ng ulan basta't maalagaan lamang ang lupang sinilangan. Bilang magsasaka mayroon din silang mga salita o wika na sila

lamang ang gumagamit at nakakaalam na.

1.1 Layunin ng Pag-aaral

Layunin ng pag-aaral na ito na malaman at masuri ang register ng mga magsasaka sa mga bayan ng Probinsya sa Biliran na Waray-Waray ang lenggwahe. Titiyakin sa pag-aaral na ito na masagot ang mga sumusunod: (1) ang leksikon / salita , (2) pagpapakahulugan, at 3) makabuo ng isang booklet ng register ng mga magsasaka sa pagsasaka ng palay sa wikang Waray-Waray.

2. Metodolohiya

Ang metodolohiya sa pananaliksik na ito ay nakaangkla sa deskriptibo o palarawang disenyo. Ito ay gumamit ng kwalitatibong pamamaraan na kung saan pakikipanayam ang ginamit para makakakalap ng impormasyon na magiging epektibo sa pananaliksik ng pag-aaral na ito. Ipinapakita sa bahaging ito ang metodong ginamit upang makamtan ang layuning alamin ang “Register ng mga Magsasaka sa Probinsya ng Biliran

2.1 Disenyo ng Pag-aaral

Ang pamamaraang deskriptibo o palarawan ang ginamit sa pananaliksik na ito kung saan, ang mananaliksik ay nagsagawa ng isang pakikipanayam sa mga magsasaka sa apat na bayan ng probinsya ng Biliran upang makapangalap ng mga impormasyon batay sa mga register na ginagamit nila sa pagsasaka ng palay.

2.2 Respondente ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay tumatalakay sa mga salitang ginagamit ng mga magsasaka sa Probinsya ng Biliran. Pinili ng mananaliksik na magbatay sa apat na bayan : ito ang Biliran, Cabucgayan, Caibiran at Culaba dahil sa ang wikang ginagamit dito ay wikang Waray-Waray. Pinuntahan ng mananaliksik ang bawat bayan para makapanayam ang mga magsasaka na ang hanapbuhay ay pagsasaka ng palay. Nakatuon lamang ito sa pagtuklas ng mga salitang ginagamit ng magsasaka sa wikang Waray-Waray.Kabilang dito ang pagbibigay ng katumbas at ang pagpapakahulugan nito sa Filipino. At ang magiging awtput nito ay makabuo ng isang booklet ng magsasaka sa wikang Waray-Waray.

2.3 Paraan ng Paglikom ng Datos

Upang malikom ang mga datos na kinakailangan sa pag-aaral, ang mananaliksik ay pumunta sa apat na bayan na kung saan Waray-Waray ang kanilang lenggwahe. Bago magsagawa nang panayam, ipinaalam muna ng mananaliksik kung ano ang pakay niya sa pakikipanayam. Ipinaalam din niya sa mga respondent na ang kanilang partisipasyon sa nasabing pag-aaral ay kusang boluntaryo lamang at na wala silang dapat ikabahala sapagkat ang kanilang ginawang pagsagot ay kompidensyal.

Kinapanayam ng mananaliksik ang mga piling magsasaka mula sa apat na bayan ng probinsya ng Biliran na kung saan Waray-waray ang kanilang lenggwahe. Ang ginawang panayam ay patanong-tanong sa mga matatanda na pagsasaka ang hanapbuhay at itinala ang mga leksikon o salita na ginagamit nila. Ang mga nalikom na mga salita ay bibigyan ng katumbas at kahulugan nito sa Filipino. Bilang panghuli, mula sa mga nalikom na mga salita, ang mananaliksik ay inaasahang makalikha ng isang booklet na naglalaman ng mga salita ng magsasaka sa wikang Waray-Waray at ibibigay ang katumbas at kahulugan ng bawat salita sa wikang Filipino.

3. Resulta at Talakay

Ang kabanatang ito ay naglalarawan ng pag-aanalisa at pag-isa-isa ng mga datos na nalikom. Ang bunga ng masusing pagsusuri ay paglalahad ng mga datos na may kinalaman sa tiyak na suliranin. Sa pangongolekta ng

mga datos mula sa mga magsasaka ng mga piling bayan sa probinsya ng Biliran nakalikom ng animnapung (60) salita na Waray-Waray at binigyan ito ng katumbas at kahulugan sa wikang Filipino. Makikita ang mga salitang ito sa Talahanayan 1. Bilang panghuli, mula sa mga nalikom na mga salita, ang mananaliksik ay inaasahang makalikha ng isang booklet na naglalaman ng mga salita ng magsasaka sa pagsasaka sa wikang Waray-Waray at ibibigay ang katumbas at kahulugan ng bawat salita sa wikang Filipino.

Talahanayan I

Mga Salitang Waray-Waray ng mga Magsasaka sa Pagsasaka Katumbas at Kahulugan nito sa Filipino

	Waray-Waray	Filipino		Waray-Waray	Filipino
1	Arado	Araro	31	Paggani	Paglilipat ng bagong tubong palay
2	Bariun	Aanihin	32	Paghurip	Paghuhulip
3	Bugas	Bigas	33	Pagpagaling han humay	Paggiling ng palay
4	Bulo	Bolo	34	Paglambos	Paghampas
5	Gani	Punla	35	Pagpalid	Paghihiwalay ng butyl
6	Gantang	Maliit sukatan ng palay	36	Pagpapatag han tuna	Pagpapatag ng lupa
7	Garab	Kalawit	37	Pagpili han sabwagan	Pagpili ng punlaan
8	Humay	Palay	38	Pagpili han pugas	Pagpili ng binhi
9	Kahon	Kahon	39	Pagsabwag	Pag-apak sa palayan
10	Kagkag	Pansuklay ng Palay	40	Pagsurod	Pagsuyod
11	Karabaw	Kalabaw	41	Pagtaklob han pugas	Pagtakip sa binhi
12	Karumata	Karitilya	42	Pagtamak han pasakay	Pag-apak sa palayan
13	Kali	Kanal	43	Pagtanom	Pagtanim
14	Kuhol	Kuhol	44	Pahoy	Panakot sa ibon
15	Lambuan	Hampasan	45	Pala	Pala
16	Landmaster	Landmaster	46	Paniga	Malaking sukatan ng Palay
17	Linta	Linta	47	Parag-uma	Magsasaka
18	Nigo	Bilao	48	Pasakay	Palayan
19	Pag-andam han pugas	Paghahanda ng binhi	49	Patubig	Tubigan
20	Pag-andam han pasakay	Paghahanda ng palayan	50	Pisi	Pisi
21	Pag atiman han mga turok	Pag-aalaga ng mga punla	51	Sabwagan	Saboyan
22	Pag-andam han sarabwagan	Paghanda ng punlaan	52	Sig-ot/Banwa	Damo
23	Pag-abono	Pag-abono	53	Sundang	Itak
24	Pag-arado	Pag-aararo	54	Surod	Suyod
25	Pagbalhin han tanom	Paglilipat tanim	55	Tayangaw	Insekto
26	Pagbulad han humay	Pagbilad ng palay	56	Tipasi	Binhi
27	Pagbutang hin abono	Paglagay ng pataba sa palayan	57	Tuna	Lupa
28	Pagbutang hin rayray	Paglagay ng banting	58	Uhot	Dayami
29	Pagbutang hin tawo-tawo	Paglagay ng taong dayami	59	Upa	Ipa
30	Paggiok	Paggiik	60	Yugo	Yugo

Matutunghayan natin sa talahanayan II na may animnapung (60) leksikon o salitang Waray-Waray ang nalikom ng mananaliksik mula sa mga respondente. Ito'y hinati sa tatlong kolum. Sa unang kolum ay matutunghayan ang mga salitang ginagamit ng mga magsasaka sa pagsasaka ng palay. Ang pangalawang kolum naman ay nagpapakita ng katumbas nito sa wikang Filipino at ang katapat nito ay ang pagbibigay kahulugan na naayon sa paggamit ng mga magsasaka sa kanilang gawain. Ang mga ito ay isinaayos nang paalpabeto para sa mas malinaw na pagkasunod-sunod.

Talahanayan II*Pagpapakahulugan*

Blg.	Waray-Waray	Filipino	Kahulugan
1	Arado	Araro	Ginagamit ng magsasaka sa pagbubungkal ng lupa sa palayan upang maging handa sa pagtatanim.
2	Bariun	Aanihin	Ang tawag sa palay na pwede nang anihin
3	Bugas	Bigas	Tawag sa produktong galling sa palay na kulay puti at itim
4	Bulo	Bolo	Matalim at malapad na kawangis ng itak katulad din ng itak ito ay ginagamit sa pag-alis ng mga ligaw nadamo
5	Gani	Punla	Tumutubong binhi ito ang itinatanim sa palayan
6	Gantang	Maliit sukatan ng palay	Ginagamit na panukat sa palay
7	Garab	Kalawit	Balikong itak na ginagamit sa pagputol sa puno ng palay ,ito ay ginagamit sa pag-aani
8	Humay	Palay	Ang butil na nakukuha pagnag-aani ng palay
9	Kahon	Kahon	Ang hinati-hating espasyo sa palayan
10	Kagkag	Pansuklay ng Palay	Ginagamit ito kapag nagbibilad ng palay upang maging pantay ang pagkabilad ay sinusuklay ang palay gamit nito
11	Karabaw	Kalabaw	Ang pangunahing hayop na ginagamit sa pagsasaka
12	Karumata	Karitilya	Ginagamit upang paghakutan ng palay
13	Kali	Kanal	Tulad ng irigasyon na dinadaluyan ng tubig patungo sa kahon ng palayan
14	Kuhol	Kuhol	Ito ay isang uri ng peste na kumakain ng dahon ng bagong tubong palay
15	Lambuan	Hampasan	Ito ang ginagamit para hampasan ng palay upang mahiwalay ang butil sa puno nito.
16	Landmaster	Landmaster	Makabagong makina na ginagamit upang mapadali ang pag-aararo ng lupa
17	Linta	Linta	Isang pesteng sumisipsip sa dugo ng kalabaw o tao. Tumitira ito sa mga putik, lalong-lalo na sa palayan
18	Nigo	Bilao	Ginagamit para sa pagpili ng butil ng palay at ipa.
19	Pag-andam han pugas	Paghahanda ng binhi	Paghanda sa binhi na gagamitin sa pagtatanim
20	Pag-andam han pasakay	Paghahanda ng palayan	Paghanda sa palayan para sa pagtatanim
21	Pag atiman han mga turok	Pag-aalaga ng mga punla	Pag-alagasa mga punla para gamitin sa pagtatanim
22	Pag-andam han sarabwagan	Paghanda ng punlaan	Paghanda sa punlaan para roon patubuin ang mga binhi
23	Pag-abono	Pag-abono	Paglagay ng pataba sa palayan
24	Pag-arado	Pag-aararo	Ito'y pag-araro sa lupa para tamnan.
25	Pagbalhin han tanom	Paglilipat tanim	Ilipat ang tanim mula sa punlaan.
26	Pagbulad han humay	Pagbilad ng palay	Ibilad ang palay matapos itong mahiwalay sa mga ipa
27	Pagbutang hin abono	Paglagay ng pataba sa palayan	Paglagay ng pataba sa palayan
28	Pagbutang hin rayray	Pglagay ng banting	Kapag namumunga na ang palay inilalagay ito para maging panakot sa mga ibon
29	Pagbutang hin tawo-tawo	Paglagay ng taong dayami	Kapag namumunga ang palay inilalagay ito para maging panakot sa mga ibon
30	Paggiok	Paggiik	Paghihiwalay ng butil sa uhay
31	Paggani	Paglilipat ng bagong tubong palay	Pagbunot sa mga tumutubong palay sa punlaan para itanim na sa bawat kahon ng palayan

Blg.	Waray-Waray	Filipino	Kahulugan
32	Paghurip	Paghuhulip	Pagtanim ulit doon sa mga kinain ng kohol
33	Pagpagaling han humay	Paggiling ng palay	Bago maihain sa hapagkainan ang bigas, kailangan muna ito gilingin para mabalatan at matanggalan ng ipa
34	Paglambos	Paghampas	Paraan ng pagkukuha ng mga butil ng palay mula sa tangkay ng palay
35	Pagpalid	Paghihiwalay ng butil	Paghihiwalay ng butil na may laman at wala sa pamamagitan ng ihip ng hangin
36	Pagpapatag han tuna	Pagpapatag ng lupa	Isang proseso ng pagtatanim ng palay kung saan pinapatag ang lupang pagtataniman ng palay
37	Pagpili han sabwagan	Pagpili ng punlaan	Pumili ng isang kahon sa palayan
38	Pagpili han pugas	Pagpili ng binhi	Pagpili ng magandang klaseng binhi
39	Pagsabwag	Pag-apak sa palayan	Ang pagsaboy ng mga binhi sa punlaan para patubuin ito
40	Pagsurod	Pagsuyod	Paglilinis ng palayan gamit ang suyod
41	Pagtaklob han pugas	Pagtakip sa binhi	Tinatakpan ang mga binhi upang mabilis itong tumubo
42	Pagtamak han pasakay	Pag-apak sa palayan	Pag-apak sa palayan para mailobog sa ilalim ng lupa ang mga natirang puno ng palay at mga damo.
43	Pagtanom	Pagtanim	Pagtanim
44	Pahoy	Panakot sa ibon	Ginagamit ng magsasaka upang ang mga ibon ay hindi lumapit sa mga namumungang palay
45	Pala	Pala	Ginagamit para patubigan ang kahon ng palayan mula sa kanal
46	Paniga	Malaking sukatan ng Palay	Ginagamit na pangsukat kung gaano kadami ang naaning palay
47	Parag-uma	Magsasaka	Sila ang gumagawa ng mga gawain sa bukid lalo na ang pagtatanim ng palay
48	Pasakay	Palayan	Dito itinatanim ang mga bagong tubo na palay hanggang sa ito'y anihin
49	Patubig	Tubigan	Ang pagtanggap ng bara upang makadaloy ang tubig sa palayan
50	Pisi	Pisi	Ito ang tinatali sa yogo, araro at suyod maging sa kalabaw din.
51	Sabwagan	Saboyan	Dito ipinapatubo ang mga punla
52	Sig-ot/Banwa	Damo	Ang mga ligaw na damo.
53	Sundang	Itak	Ginagamit sa paglinis ng palayan
54	Surod	Suyod	Ginagamit ito ng mga magsasaka upang suyurin ang palayan
55	Tayangaw	Insekto	Isang pesteng sumisira sa pananim na palay
56	ITipasi	Binhi	Tawag sa kada pirasong palay
57	Tuna	Lupa	Ito ang pangunahing kailangan ng magsasaka para pagtamnan
58	Uhot	Dayami	Ito ay puno ng palay na tinanggalan na ng mga butyl
59	Upa	Ipa	Ang tawag sa walang laman na butil ng palay
60	Yugo	Yugo	Inilalagay sa leeg ng kalabaw at kumukonekta sa araro at suyod

Batay sa pagsusuri nakalikom ang mananaliksik ng animnapung (60) leksikon o salita sa wikang Waray-Waray na kanilang ginagamit at ibinigay ang katumbas at pagpapakahulugan nito sa wikang Filipino. Dahil sa mga kaalamang nakuha ng mananaliksik mula sa mga magsasaka nakabuo siya ng isang booklet ng mga salitang ginagamit ng mga magsasaka sa pagsasaka ng palay sa wikang Waray- Waray.

4. Kongklusyon

Ang tuwirang pag-aaral ay pagbibigay lamang kaalaman ukol sa mga salitang ginagamit sa pagsasaka ng palay sa Probinsya ng Biliran. Nailathala rito ang mga leksikong ginagamit at dahil sa mga salitang nalikom ng mananaliksik sa mga magsasaka nakabuo siya ng isang mungkahing booklet ng magsasaka sa wikang Waray-waray at Filipino. Ang pag-aaral na ito ay mahalagang malaman at mapag-aralan upang magkaroon ng malawak na kaalaman tungkol sa iba't ibang lenggwahe mayroon sa iba't ibang grupo o samahan ng tao sa ating bansa tulad ng salitang ginagamit ng mga magsasakang Waray-Waray. Dahil dito talagang mapapatunayan natin na ang ating wika ay tunay na buhay at nagbabago

Rekomendasyon - Ang pag-aaral na ito ay naghahangad na makatulong sa pamamagitan ng sumusunod na rekomendasyon.

- Ito'y magsisilbing gabay sa mga guro ng elementarya lalong lalo na sa Probinsya ng Biliran na turuan ang mga bata sa Mother Tongue ng mga salitang ginagamit sa pagsasaka ng mga magsasaka. Mahalagang malaman nila ito dahil ang ating mga magsasaka ay maituturing din natin na mga bayani.
- Sa mga mamamayan, hindi na sila mahihirapang makipag-ugnayan sa mga magsasaka dahil alam na nila ang kanilang mga terminolohiyang ginagamit.
- Pag-aralan at paunlarin pang higit ang ginawang pagsasaliksik ng mananaliksik upang mas madagdagan ang mga datos na kinakailangan para mas mapakinis at mapatibay pa ang kongklusyon at kahulugan ng pag-aaral na ito.
- Ang booklet na ito ay magsisilbing gabay para maunawaan ng ganap ang mga terminolohiyang ginagamit ng mga magsasakang Waray-Waray sa probinsya ng Biliran.

5. Sanggunian

- Atanacio, H. D. (2009). *Komunikasyon sa Akademikong Filipino* (Dolog Modyular).
- De Vera, M. B. (2010). *Komunikasyon sa Akademikong Filipino*. Mandaluyong City.
- Macatabon, R. A., & Calibayan, M. D. (2016). Varayti at Varyasyon ng Wikang B'laan sa Bacong, Tulunan, Hilagang Cotabato at Lampitak, Tampakan, Timog Cotabato, Philippines. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*.
- Marasigan, L. G., Castillo, G. C., & Suizo, C. D. (2019). Katutubong Salita: Tuon sa Kasanayang Komunikatibo. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*.
- Pasion, R. M. (2014). Varyasyong Leksikal sa mga Dayalektong Mandaya. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*.
- Rubi, R. B. (2014). *Modyul sa Filipino I Komunikasyon sa Akademikong Filipino*. Malabon City: Jimczyville Publications.